Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF EDUCATION
Region VII, Central Visayas
SCHOOLS DIVISION OF NEGROS ORIENTAL
www.depednegor.net

Hulyo 26, 2018

Pansangay na Memorandum
Blg. 460 **2018**

MGA PANUNTUNAN AT PAMANTAYAN SA MGA TAMPOK NA PALIGSAHAN NG LANGUAGE ARTS SHOW 2018

PARA SA : Mga Katuwang na Tagapamanihala ng Dibisyon
Mga Hepe ng Dibisyon
Mga Superbisor ng Programang Edukasyon
Mga Tagamasid ng Purok
Mga Pribado at Pampublikong Punong-guro

1. Ipinapaalam ng opisinang ito ang Mga Panuntunan at Pamantayan sa mga Tampok na Paligsahan ng Language Arts Show 2018.
2. Kalakip ang mga sipi ng mga panuntunan at pamantayan, at piyesa para sa Language Arts Show.
3. Hinihikayat ang mga tagamasid ng purok para sa agarang pagpapalaganap at pamamahala ng gawain.
4. Malawak na desiminasyon ng memorandum na ito ay nais.

WILFREDA D. BONGALOS, Ph.D., CESO V
Tagapamanihala ng Sangay
7/26/18

27 JUL 2018

Tel. Nos: (035)225-2838 / 225-0867/422-7644 (Division Supt's Office); (035) 225-1622 (CID); (035) 225-1623 (Legal Section); (035)225-6180 (SGOD); (035) 422-7643 (Cash Section); (035) 422-8511 (Planning Section); (035) 225-6987 (Record's Section); (035) 422-5283 (Admin. Section); (035) 422-0267 (Personnel Section); (035) 225-2376 (Guard/Medical/Dental Sections); (035) 225-7012 (Educ. Facilities Section); (035) 225-1640 & (035) 225-1640 (Acct. Budget Section); (035) 422-3921 (Supply Section)

Paligsahan	**TULA**	
Baitang ng Mag-aaral	**Baitang 1**	
Bilang ng Kalahok	**Isa (1)**	
Oras na Inalaan	**3-5 minuto na pagtatanghal kasamang pagpasok at labas ng tanghalan**	
Batayan ng Kapasyahan	**Pamantayan**	**Bahagdan**
	Pagkamakata Kaugnayan sa paksa (10%) Pagbibigay-diin o damdamin (10%) Pagtutula (15%)	35%
	Hikayat Dating sa madla (5%) Kakanyahang pantanghalan (5%) Kilos, galaw, kumpas (10%) Ekspresyon ng mukha (5%)	25%
	Tinig Lakas (5%) Taginting (5%) Kaangkupan ng diwa at damdamin (10%)	20%
	Bigkas Matatas at maliwanag (10%) Wastong pagbubukod ng salita (5%)	20%
	Kabuuan	**100%**

Kalahok

a) Bukas ang patimpalak sa mag-aaral ng baitang 1.
b) Ang nararapat lumahok sa paligsahan ay ang kumakatawan sa bawat distrito.
c) Ang kalahok ay may gabay na isang tagapayo/tagapagsanay.

Panuntunan

a) Ang paksa ay "Ako , sa aking Paglalakbay".
b) Siya ay bibigyan lamang ng 3 minuto para sa pagtatanghal.
c) Ang bawat kalahok ay dapat na nakadamit ng kasuotang Pilipino sa oras ng pagtatanghal.
d) Ang desisyon ng mga hurado ay pinal at hindi mababago.

AKO, SA AKING PAGLALAKBAY
Renante A. Juanillo

Ako ay sadyang mapalad
Mapalad sa buhay kong ito.
Magulang ko'y sadyang maligaya
Pagdating ko'y biyaya nga nila.

Aking napagtanto
Simula na ng paglalakbay ko.
Parito't paroon
Kahit saan mang dako pa roon
Kayo ang kasa-kasama ko.

Mga guro dito sa paaralan
Mga kaibigan doon sa pamayanan.
Sugo ng Diyos diyan naman sa simbahan,
Salamat at ako'y inyong sinamahan.

Dalangin ko sa Maykapal
Nawa'y kayo ay gabayan.
Upang sa aking paglalakbay
Marating ang magandang buhay.

Paligsahan	**DEKLAMASYON**
Baitang ng Mag-aaral	**Baitang 4-6**
Bilang ng Kalahok	**Isa (1)**
Oras na Inalaan	**5-7 minuto na pagtatanghal kasamang pagpasok at labas ng tanghalan**

	Pamantayan	**Bahagdan**
Batayan ng Kapasyahan	Interpretasyon Tinig (25%) Bigkas (25%) Kumpas at ekspresyon ng mukha (25%)	75%
	Angkop na kasuotan	15%
	Hikayat sa madla	10%
	Kabuuan	**100%**

Kalahok

a) Bukas ang patimpalak sa mag-aaral na nasa baitang 4-6.
b) Ang nararapat lumahok sa paligsahan ay ang mag-aaral na nagwagi sa LAS ng Congressional Level.
c) Ang kalahok/koponan ay may gabay na isang tagapayo/tagapagsanay.

Panuntunan

a) Iisang piyesa ang gagamitin mula sa dibisyon.
b) May 5-7 minuto lamang ang bawat kalahok sa pagtatanghal.
c) Ang kasuotan ng magtatanghal ay kailangang naaangkop sa katauhan na namumukod tangi sa piyesa.
d) Ang desisyon ng mga hurado ay pinal at hindi mababago.

ANO NGA BA ANG MUKHA NG BUKAS

Renante A. Juanillo

Bang!

Hoy! Ano yon? Baril...putok ng baril?...Anong nangyari? Sino ang binaril? Sino ang bumaril? May natamaan ba?

Natataranta ang lahat...nagtakbuhan sila...paakyat sa itaas ng bahay kung saan nanggagaling ang putok. Dugo! Dugo! Duguan!...

Iyon ang simula ng lahat. Napakakumplekado nga po 'no? Tama! Samo't saring komplekasyon. Tandang-tanda ko pa. Masaya kami noon! Walang kasing saya!

Walo kaming magkakapatid... Simple lang naman ang buhay namin...ang mama ko ay nasa bahay lang, laging naka DUSTER...alam niyo na...taga-alaga ng bahay, taga-alaga ng mga bata at taga-gawa ng mga gawaing bahay. Subalit isang gabi...Narinig ko sa kabilang kwarto...

"May babayaran daw sa eskwelahan ang mga bata..." sabi ng mama ko.
"Bahala ka na niyan"...sabi naman ng papa ko. "Ang pambayad?"tanong ng mama. "Aba'y bahala ...kana roon! Ako na lang 'ata palagi ang gumagastos, mga palamunin kayo!

Dinig na dinig kong hindi na iyon simpleng pag-uusap...nag-aaway na sila... Umiyak nang umiyak si mama... habang nagliligpit at nag-aayos ng mga damit. Nilapitan ito ni papa...pinalo at hinatak ang buhok... "liyak-iyak ka pa't pasagot-sagot...hindi mo pinagkasya ang binigay kong pera sa iyo noong isang linggo". Isang linggo? "Bakit...tuwing linggo lang ba tayo kumakain? Kung hindi ako binibigyan ng magulang ko...may makakain ba tayo? "Hindi ka nahihiya! Humihingi ka ng pera sa magulang mo? Walo na ang anak natin...anong sabihin nila...hindi kita kayang buhayin! "Kailan ka ba nagbibigay ng pera?...buti pa yong babae mo...binibigyan mo ng pera!" Lumapit si papa at hinatak ang buhok ni mama..."Arayyyyyyyy...arayyyy....nasasaktan ako...!"

Hindi ko na pinakinggan ang iba pang detalye. Nanginginig ako't aking mga kapatid.Umiiyak din sila sa takot. Pero wala naman kaming magagawa para tulungan si mama. Tama! Simula nga ito ng pagbabago, pagbabago kung saan nagkasira-sira na ang pamilya namin.

"Kuya...huwag kanang umalis please...sama-sama na lang po tayo. Magbabago rin naman si papa." "Kailan? Pag puti na ang uwak?" Iyon ang sagot ni kuya bago siya umalis upang hanapin ang kanyang sarili. Siya ang aming panganay...pero ang masakit, grade five pa lang siya nang makatikim ng bogbog na napupunit ang suot niyang polo. Alam ko...na may galit sa kanyang loob at hindi lang niya kayang ipalabas sa oras na iyon.

Napag-alaman ko na lang...nagpa-Maynila si kuya.

Nauulit na naman ang pangyayaring iyon...isa ko naman pong kuya ang nag desisyon na pupunta rin ng Maynila. Second Year high school pa lang siya noon. "Kuya...please...huwag ka nang umalis...kaya naman natin to diba? Kuya...maawa ka sa amin...maawa ka naman sa mama...kuya please...kuyaaaaa!

Isa, dalawa...sino po ang susunod na aalis? Lahat po ba ay magsi-alisan? Ano pong mayroon sa Maynila? Bakit doon po ang punta nila?

"Kayo lang naman ang paborito nila...tingnan mo ako...grade two lang ang naabot ko. Dahil ako ang taga-alaga ng mga kapatid, taga-luto, taga-laba...taga-ayos ng bahay! May pangarap din naman ako sa buhay! Pero bakit hindi nila kayang ibigay 'yon? Hanggang dito lang ba ako? Ito lang ba talaga ang papel ko sa buhay? Gusto ko ring makapagtapos ng pag-aaral. Ngunit parang sadyang mailap sa akin ang tadhana."

Iyon ang dayalogo ng aking kapatid na babae na grade two lang at nag-asawa na sa edad na katorse. Katorse! Katorse? Ang bata naman. Tama! Mas pinili niyang mag-asawa nang maaga kaysa mamuhay ng walang kalayaan. Hindi ko lubos maiisip kung ano na nga ba ang nangyayari. Wika nga, matira ang matibay. Naitanong ko sa sarili ko, ano nga ba ang mukha ng bukas namin? Ang ganitong kalagayan, sa ganitong sitwasyon, sa ganitong uri ng pamilya na mayroon ako...May bukas pa bang darating?

Handang-handa na ang lahat. Ang bag! Ang Ticket! Ang gatas! Alam kong may-aalis na naman. Hindi lang isa...o dalawa... kung hindi...tatlo, ang mama ko at ang dalawa ko pang maliliit na kapatid. LALAYASAN NILA SI PAPA...IIWANAN NA NILA SI PAPA..."aalis...lalayas...iiwanan..." Hindi mahirap intindihin ang mga salitang iyon...Tuluyan na ngang masisira ang pamilya namin, ang dating masaya, ngayon ay nababalot na ng kababalaghan. Marahil...ito na nga ang resultang dulot ng isang iresponsableng ama...bisyo! babae! sugal! sigarilyo!...pangmamalupit! Sino nga ba naman ang tatagal sa ganitong kalagayan? Siya? Si mama? Ako? Kami? Sina kuya?

Patindi nang patindi ang away nila...matagal-tagal na ring hindi sila nagkikibuan...palaging lasing at palaging ginagabi si papa.

Nakatakda na ang lahat. Ito na ang araw na kinakakatakutan ko, maghihiwalay na si papa at mama... "Ma paano po kami?...Sino po ang mag-aalaga sa amin? Saan po kami kukuha ng makakain? Maaa...huhuhuhuu.." Pero na realize ko...tama. Naintindihan ko na. "Dibale na ma...kami na ang bahala rito...kaysa makikita kang nagdurusa, sinasaktan...at unti-unting pinapatay. Wala ka man dito... at least buhay ka pa rin...wala ka man dito...at least may mama pa rin kami...wala ka man dito...alam kong magkita-kita pa rin tayo pagdating ng panahon." "Sigi...ma...umalis nap o kayo...wala po si papa...hindi na siguro uuwi 'yon."

Natuloy po ang alis ni mama..kaso, hindi nga lang po sa Maynila...kung hindi sa ospital, dahil aalis na sana sila, nang biglang nagsusuka ang kapatid ko...at nagdudumi pa. Naantala ang plano...subalit hindi roon nagwakas ang kuwento...may pangalawang plano na nabubuo...aalis na naman kami...at iiwanang mag-isa ang papa. Ngunit may isang trahedya na namang nangyari...

Bang!... Dugo! Dugo! Takot na takot ako...di ko alam kung ano ang gagawin. Nabaril ko ang aking sarili... ang baril ni papa. Akala ko hindi puputok... dahil gabi-gabi...nakikita kong itinutok yon ni papa kay mama, kinakalabit..pero hindi pumuputok. Nagkagulo! Nagtakbuhan! Nagsigawan! Naalala ko na lang...nasa ospital na ako...Tandang-takda ko...iyon ang araw na muling nag-uusap sina papa at mama. Iyon din ang araw ng pagbabago.

Mula noon si mama na ang naging sandalan ng aming kabuhayan , siyempre katuwang din si papa...siya na ang nagdadala sa aming munting mapagkakakitaan, ang laging nagduduster... ang dating taong-bahay, taga-alaga ng mga bata... ay enhinyero na ng aming buhay...siya ang inspirasyon namin upang ituloy ang ikot ng mundo hanggang sa maabot ang pangarap.

IYON ANG MUKHA NG BAGONG BUKAS. IYON ANG MUKHA NG AKING BUHAY. IYON ANG DAHILAN KUNG NASAAN NA AKO NGAYON.

Paligsahan	**TULAAN**	
Baitang ng Mag-aaral	**Baitang 7-10**	
Bilang ng Kalahok	**Dalawa (2)**	
Oras na Inalaan	**3-5 minuto na pagtatanghal kasamang pagpasok at labas ng tanghalan**	
Batayan ng Kapasyahan	**Pamantayan**	**Bahagdan**
	Pagkamakata Kaugnayan sa paksa (10%) Pagbibigay-diin o damdamin (10%) Pagtutula (15%)	35%
	Hikayat Dating sa madla (5%) Kakanyahang pantanghalan (5%) Kilos, galaw, kumpas (10%) Ekspresyon ng mukha (5%)	25%
	Tinig Lakas (5%) Taginting (5%) Kaangkupan ng diwa at damdamin (10%)	20%
	Bigkas Matatas at maliwanag (10%) Wastong pagbubukod ng salita (5%)	20%
	Kabuuan	**100%**

Kalahok

a) Bukas ang patimpalak sa mag-aaral na nasa baitang 7-10.
b) Ang bawat koponan ay Binubuo ng dalawang miyembro.
c) Ang nararapat lumahok sa paligsahan ay ang kumakatawan sa bawat distrito.
d) Ang kalahok/koponan ay may gabay na isang tagapayo/tagapagsanay.

Panuntunan

e) Ang paksa ay ibibigay sa takdang oras ng paligsahan,
f) Sila ay bibigyan lamang ng 3 minutong paghahanda hinggil sa paksang napili. Habang nagtutula, maghahanda naman ang susunod na pangkat.
g) Ang bawat kalahok ay bibigyan ng tatlong palitan sa pagtutula. Malayang talaudturan, walang sukat at tugma ang gagawing tula. Bagaman ang bawat saknong ay Binubuo ng tig-aapat na taludtod.
h) Ang bawat kalahok ay dapat na nakadamit ng kasuotang Pilipino sa oras ng pagtatanghal.
i) Ang desisyon ng mga hurado ay pinal at hindi mababago.

Paligsahan	**Q & A**	
Baitang ng Mag-aaral	**Baitang 11-12**	
Bilang ng Kalahok	**Isa (1)**	
Oras na Inalaan	**1 minuto**	
Batayan ng Kapasyahan	**Pamantayan**	**Bahagdan**
	Argumento	20%
	Sagot & Hikayat	30%
	Kaangkupan ng sagot sa tanong (10%)	
	Kilos, galaw, kumpas (10%)	
	Ekspresyon ng mukha (10%)	
	Tinig	20%
	Lakas (5%)	
	Taginting (5%)	
	Kaangkupan ng diwa at damdamin (10%)	
	Bigkas	30%
	Matatas at maliwanag (25%)	
	Wastong pagbubukod ng salita (5%)	
	Kabuuan	**100%**

Kalahok

a) Bukas ang patimpalak sa mag-aaral na nasa baitang 11-12
b) Ang nararapat lumahok sa paligsahan ay ang kumakatawan sa bawat distrito.
c) Ang kalahok/koponan ay may gabay na isang tagapayo/tagapagsanay.

Panuntunan

a) Ang paksa ay ibibigay sa takdang oras ng paligsahan,
b) Bubunot ang kalahok ng tanong na sasagutin kaagad sa loob ng isang minuto. Sa pagsagot ng kalahok, sisimulan nito ang sagot sa salitang "I believe..." at wawakasan ng "I thank you".
c) Magkakaroon ng elimination round depende sa dami ng mga kalahok. Bibigyan ang bawat kalahok ng iba't ibang tanong na sasagutin.
d) Limang kalahok na lamang ang tutuloy sa FINAL ROUND, kung saan iisang tanong na lamang ang sasagutin nito..
e) Habang ang unang finalist ay sasagot sa tanong, nakatago naman ang ibang kalahok para hindi margining ang sagot ng mga ito maging ang tanong.
f) Ang desisyon ng mga hurado ay pinal at hindi mababago.